BEYOND KINGS AND KINGDOMS

# Pagtitiwala sa Diyos Kahit pa Hindi Karaniwan ang Pagsasalita Ayon sa Iyong Paninindigan



## WARM-UP

- Magbahagi ng isang pagkakataong nagsalita ka upang wakasan ang kawalan ng katarungan. Ano ang nangyari?
- Mayroon na bang nagpakita ng kasiyahan sa iyo dahil ginawa mo kung ano ang tama? Ikwento ito sa amin.
- Balikan ang isang pagkakataong pinagsisihan mo ang hindi pagsasalita para sa isang tao. Ano ang nangyari?

## WORD

[20]*Sinabi niya, "Purihin ang Diyos magpakailanman. Siya ay matalino at makapangyarihan.* [21]*Siya ang nagbabago ng panahon. Siya ang nagpapasya kung sino ang maghahari at siya rin ang nag-aalis sa kanila sa trono. Siya ang nagbibigay ng karunungan sa marurunong.* [22]*Ipinapaliwanag niya ang mahihiwagang bagay na mahirap intindihin. Nasa kanya ang liwanag, at nalalaman niya ang anumang nasa kadiliman.* **DANIEL 2:20–22**

(Basahin din ang **DANIEL 2:1–19, 23–49.**)

Noong si Daniel at ang kanyang tatlong mga kaibigan ay dumaraan pa sa pagsasanay upang maging bahagi ng mga taong naglilingkod sa hari at reyna sa kaharian ng Babilonia, si Haring Nebucadnezar ay nanaginip ngunit hindi niya ito maalala. Ipinatawag niya ang mga marurunong, salamangkero, at engkantador upang sabihin sa kanya kung ano ang napanaginipan niya at ang kahulugan nito. Dahil walang makagawa ng ipinapagawa niya sa kanila, iniutos ng hari na ipapatay ang lahat ng mga marurunong sa kaharian. Sa kuwentong ito, makikita natin kung paano tumugon si Daniel at ang kanyang mga kaibigan sa utos na ito ng hari.

## 1 Si Daniel ay hindi natinag sa imposibleng kahilingan ng hari.

*[14–15]Kaya nakipag-usap si Daniel kay Arioc na kapitan ng mga tagapagbantay ng hari na siyang inutusan na patayin ang mga marurunong sa Babilonia. Maingat na nagtanong si Daniel sa kanya kung ano ang dahilan ng napakabigat na utos ng hari. Kaya sinabi sa kanya ni Arioc ang nangyari. [16]Pagkatapos, pumunta si Daniel sa hari at hiniling niya na bigyan siya ng panahong maipaliwanag ang kahulugan ng panaginip nito.*

**DANIEL 2:14–16**

Si Haring Nebucadnezar ay may panaginip at nais niyang may magsabi sa kanya kung ano ang panaginip na ito at ipaliwanag din kung ano ang kahulugan nito. Nang walang makagawa nito, iniutos niya na ipapatay ang mga marurunong na mga kalalakihan sa Babilonia. Hindi alam ni Daniel kung ano ang panaginip na ito o maging ang kahulugan nito. Ngunit kilala niya ang kanyang Diyos at Siya ay higit na dakila kaysa kay Nebucadnezar. Nang marinig niya ang ipinag-utos ng hari, hindi nataranta o nagtago si Daniel. Buong tapang siyang humingi ng pagkakataon na maka-usap ang hari. Pagkatapos, umuwi siya upang manalangin kasama ang kanyang mga kaibigan. Ipinanalangin nila na ipakita sa kanila ng Diyos kung ano ang panaginip ng hari. Bagama't ang mga pagsubok na kinakaharap natin ay tila imposible para sa atin, ang Diyos ay laging kasama ng Kanyang mga mamamayan at Siya ang babago ng kanilang mga sitwasyon para sa Kanyang karangalan. Balikan ang isang pagkakaaon na may hinarap kang isang imposibleng sitwasyon, at nagtiwala ka sa Diyos sa halip na mataranta.

## 2 Si Daniel at ang kanyang mga kaibigan ay dumulog muna sa Diyos bago sila nagsalita.

*[17]Pumayag naman ang hari, kaya umuwi si Daniel at ibinalita sa kanyang mga kasamahang sina Hanania, Mishael at Azaria ang tungkol sa nangyari. [18]Hiniling niya sa mga ito na manalangin para kaawaan sila ng Diyos sa langit at para malaman nila ang kahulugan ng panaginip ng hari, upang hindi sila patayin kasama ng iba pang marurunong na tao sa Babilonia. [19]Nang gabing iyon,*

*ipinahayag ng Diyos kay Daniel ang panaginip ng hari at ang kahulugan nito sa pamamagitan ng pangitain. At pinuri ni Daniel ang Diyos sa langit.* **DANIEL 2:17–19**

Dahil sa kahilingan ni Daniel na makipagkita sa hari, nagkaroon siya ng pagkakataong makipag-kita kina Hanania, Mishael, at Azaria upang manalangin. Alam nila na kung sa kanilang sarili lamang, hindi sila magtatagumpay at tiyak na mahaharap sila sa kamatayan. Nang ipahayag ng Diyos kay Daniel ang Kanyang kasagutan sa pamamagitan ng isang pangitain, ang una niyang naging tugon ay ang papurihan ang Diyos. Ano ang naging sagot ni Daniel matapos ipaalam sa kanya ng Diyos ang misteryosong panaginip (Daniel 2:20–23)?

## 3 Dahil sa sagot ni Daniel, nakita ng hari ang Diyos.

*27 Sumagot si Daniel, "Mahal na Hari, wala pong sinumang marunong katulad ng mga mangkukulam, engkantador, o manghuhula ang makakapagpaliwanag ng inyong panaginip.*
*28 Pero may Diyos sa langit na naghahayag ng mga mahiwagang bagay. At inihayag niya sa inyo sa panaginip ang mangyayari sa hinaharap. Ngayon, sasabihin ko po sa inyo ang mga pangitaing nakita ninyo sa inyong panaginip.* **DANIEL 2:27–28**

Nang dumating ang takdang oras upang humarap si Daniel sa hari, ipinaalam niya sa lahat na walang marunong na tao, maging siya o sinuman, ang makakaalam ng kahulugan ng panaginip. Sa isang banda, pareho lamang ang kinatatayuan ni Daniel at ng iba pa. Ang naging kaibahan lamang ay naging mabilis siya sa pagkilala na ang Diyos ang pinagmumulan ng lahat ng karunungan at kaalaman. Ipinakilala niya sa hari ang Diyos na nagpapahayag ng lahat ng bagay. Sa ibinigay ni Daniel na interpretasyon, makikita ang nagbabadyang kaharian ng Diyos na hindi kailanman mawawasak at laging magtatagumpay laban sa anumang kaharian. Dahil naparangalan ang Diyos sa pamamagitan ni Daniel, ang puso ng hari ay bumaling sa Diyos at agad-agad niyang inilagay si Daniel at ang kanyang mga kaibigan sa matataas na posisyon sa pamahalaan (Daniel 2:47–48). Ikuwento ang isang pagkakataon kung saan natulungan mo

ang isang taong may mahirap na pinagdaraanan upang makita niya ang Diyos. Ano ang nangyari?

................................................................................

................................................................................

## APPLICATION

- Sa isang sitwasyong katulad ng kay Daniel, ano sa palagay mo ang magbibigay sa iyo ng lakas ng loob na magsalita? May kinakaharap ka bang kaparehong sitwasyon ngayon?
- Mayroon bang isyu o sitwasyon na pakiramdam mo ay kailangan mong gawin ang isang bagay kahit pa hindi ito ang popular or karaniwang ginagawa ng iba dahil alam mong ito ang tamang gawin? Anong kaalaman mula sa ikalawang kabanata ng Daniel ang maaaring makatulong sa iyo?
- May ipinapanalangin ka ba sa Diyos na taong alam mong kailangang magkaroon ng pagbabago ng puso upang makilala niya ang Diyos bilang Panginoon at Tagapagligtas? Gaano kahalaga ang karunungan nagmumula sa Diyos sa sitwasyong ito?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa karunungang ibinibigay Niya para sa ating kalayaan, pagbabago ng puso, at tagumpay.
- Ipanalangin na ipakita sa iyo ng Diyos ang Kanyang mga plano at ibigay sa iyo ang mga salitang sasabihin mo sa mga pagkakataong kailangan mong magsalita.
- Hingin ang mga tamang salitang masasabi mo tuwing magbabahagi ka sa iyong pamilya at mga kaibigan ng mga bagay na tungkol sa Diyos at sa ebanghelyo.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2015 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Esther Suson

victory.org.ph